SPEECH OF

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

DURING THE FEDERALISM SUMMIT AND

PDP-LABAN OATH-TAKING

[Delivered at Capitol Convention Center, Camsur Water Sports Complex (CWC) San Jose, Pili, Camarines Sur | 17 October 2017]

Kindly…Maupo po kayong lahat.Salamat po.

The Chief Presidential Legal Counsel Salvador Panelo, tingnan mo namang ang… Bakit ganun siya mag-damit? [laughter] 'Di ganun talaga 'yan, noon pa… Matagal ko ng kilala si Sal, many, many years ago; Political Adviser Francis Tolentino, Mayor ng Tagaytay noon[applause]; Camarines Sur 2nd District Representative Luis Raymund Villafuerte, sir

[applause]; Camarines Sur 5th District Representative Salvio Fortuno, sir, [applause]; Davao City 1st District Representative Karlo Alexei Nograles [applause]; Camarines Norte Governor Edgardo Tallado, sir, thank you [applause]; Albay Governor Al Francis Bichara, sir [applause]; Regional Convenor ng Federalismo Alyansa ng Bikol Dante Jimenez, [applause], nauna ito sa lahat, trailblazer ito; City Mayor of Iriga Madel Alfelor, ma'am, [applause]; mga kasapi ng Partido Demokratiko Pilipino-Lakas ng Bayan, PDP Laban; mga kasama ko sa gobyerno; mga mahal kong kababayan.

Kasi nagmamadali sila kay hindi ka maka-take off ng gabi dito. Bakit ganun? I mean --- Naga City is a major city in Bicol. Second is other… Huwag kang mag-ano mga taga-Legazpi. Pero, mas sikat ang Naga. Tapos dalawang pages lang ang speech ko para akong buang dito. [laughter] 'Di hindi na sana ako pumunta.

Well, I have a very limited time because of your limitations here. I have to hit the sky by sunset time.

'Pag hindi, 'pag nahulog… Sabagay, maligaya kayong lahat kasi[laughter] taga-Bicol ang maging Presidente. Okay lang man sa akin 'pag 'yun na 'yun.

I just came from Marawi and by the grace of God, we have restored peace but that would not be a cause for a celebration because we have destroyed in the process the city which I admit because we had to do it.

There was no alternative. And I could only extend my apologies to the people of 'yung mga Maranao. At sabi ko sa kanila, hindi man namin ginusto, I would be the last to do it. You know, my lola is a Maranao and my grandfather was a Chinese on the mother side.

But the circumstances really compelled us to act just what we did. It's now liberated except for a few pocket of resistance somewhere, but pwede ka nang pumasok ng Marawi. [applause]

That would also serve as a warning to everybody. Nobody is interested here in this government me, especially, to go beyond my term. I do not intend to perpetuate myself. I will not shame my family and all for any ambition in this world.

Eh sinasabi nila na mag-revolutionary government ako dahil gusto kong tumagal, anak ng… Kung maaari lang, kung pwede lang umatras eh. Nakakahiya lang.

But sabi ko nga, if you ask me if I'm happy, I am not because of the sheer volume of work and the pressure and everything and I am old by any standard. I am 72.

Give me for about dalawa, tatlong taon wala na ako. Huwag kayong magtanong sa akin kung ano ang sakit ko. And do not ever ask an old man, 50 years old and above, "Okay ka ba? Wala kang sakit?" kasi disrespectful 'yan. Lahat ng ganung edad may sakit na 'yan. Totoo.

And I said, pasok na lahat. Alam mo ng traditional ailment ng Pilipino. We are a rice –eating nation, so it's diabetes. It is not caused by any germ, virus, but it's actually an adequacy of the body to cope up with so much of the rice that we eat, carbo. That's about it.

And for those who are smoking, you get the Buerger's disease just like me. That is why I banned smoking all throughout the country in enclosed places.

Now, if you want to die of smoking go ahead, you can be our guest but 'wag kang magdamay ng tao. I got --- I acquired for you doctors the Buerger's disease kaya ayon.

Now, balik tayo sa Marawi. We will have to spend and rehabilitate because whether we like it or not, they are our brothers and sisters, those especially who did not take part in any of those covert or open rebellion. So wala naman silang pakialam doon. Tutulong tayo ulit.

But again I said, let me give this warning. Kagaya ng ano… Gusto natin lahat lumigaya ang Pilipino. Ako naman sa panahon ko, gusto ko lang mabigyan ang Pilipino, 'yung mga bagay na ikakapagpabuti ng bayan.

The things that the law mandates because it is good for the country and for the people. Like for example, itong modernization.

You know the machines, the engines that run, itong mga PUJ are about 20, 25 years old. We got it from the other countries, 'yung reconditioned ipinagbibili dito.

And you have been pumping so much fumes and carbon dioxide into their --- including the factories. But I… Mag-uwi ako ng Malacañan, I usually take even at night, lumilipad talaga ako.

Nagte-take off ako ng Marawi noon hating gabi. Nakikita ko talaga ang fog. And I am not referring to the fog that's created by the moisture of nature but 'yung fog na created by the exhaust.

The statistics of the United Nations says that by 2025, it would have tripled the lung cancer sa ating mga kababayan. There's a health reason, actually. Public interest, public health because that would be… You can get a good definition. Kasi looking at the ailments and the diseases that we would acquire from the inhalation.

And here comes Piston and the rest of the left, sinasakyan nila, make it a big deal. So ako naman sabi ko, "Ganun. Sige. 'Di mag-demonstrate kayo. Walang ano sa akin. Even if you do that twice, thrice a month. Okay 'yan sa akin."

Sa Davao, ginawa ko 'yan. Hinayaan ko sila. Sabi ko, "Bigyan ko kayo isang buwan. 'Pag hindi niyo ginawa ng isang buwan 'yang demonstration ninyo, kayo ang…"

You know, I used to be civil to them. As a matter of fact, the left dito sa Bicol was really Duterte. Lahat ng boto ko na medyo na-ano, galing left 'yun.

So but there is a time for friendship as there is a time to be reasonable and there's a time for reconciliation and a time for hatred.

Ito ngayon Pilipino ang nakataya dito.Presidente ako ng bayan. I have to abandon the civilities and the niceties of life kasi noon Mayor ako, pasok, kaibigan ko kayong lahat. Boto ang pinag-usapan namin dito eh, kaming mga politko.Boto. And we can shake hands with the devil for one single vote.

But you know this time, I am the President of the Republic of the Philippines and I have to… Hindi akin 'yan.Batas 'yan. That is not mine.

And the fact that we have to get up on, you know --- kasi you're not up to it. You have to get up do things the way that this government wants you to do.

Unang-una space, dilapidated, walang mga metro, walang kilometer speed, wala lahat. Sometimes, maraming nadisgrasya, sabihin lang, karamihan ng disgrasya, "Sir, pumalpak 'yung break."

Tapos itong mga Davao, Manila, dadaan dito. There's a long route. And you know, anything can happen. Ang mga bus sa Maynila, okay na. All modern.So wala tayo problema.

Dito ngayon sa namimilit na ayaw nila. O ngayon, sabihin ko sa Piston and the rest of the left, legal 'yan sila eh. 'Wag kayong ma-ano, ako nagsasabi lang nang totoo.

Itong Karapatan, KMU, Piston, they are just the legal fronts of the Communist Party of the Philippines. Kaya nga pinangalanan mo, CPP-NDF pati the NPA, the New People's Army. It's a

one big conspiracy. But they are at the same time, all of them are committing right now, rebellion.

Tulungan lang ‘yan sila. Magtanong ka ng abogado dito, maski sino. ‘Wag ‘yang sumuporta sa akin, ‘yung kalaban ko, critics. It’s a one big conspiracy meron sila. O kita mo ‘yung Piston, may star pa ng… That’s the logo of the communists. Wala na ako nakita sa Russia niyan, pati sa China. Itong mga buang na lang na ito.

Kaya I’ll give you until the end of the month or until the end of the year. Sumunod kayo because January 1 ‘pag may makita ako diyan mga jeep ninyo na walang rehistro, hindi narehistro, luma, guguyurin ko ‘yan sa harap ninyo.

And if you want, gusto ninyo ng gulo, marami man akong pulis. May ite-training ako na army ngayon na 20,000. Kasi na-depleted ang mga ano ko dahil sa engkwentro. I have lost so many of my policemen and my Armed Forces of the Philippines have suffered a lot.

So nagre-recruit ako ngayon. Kasi ‘yung sabi revolutionary-revolutionary… Sino ba namang… Sino ba namang gusto magpa-ata niyang ganun na klase? We are a democracy. We are not supposed to be para kang hari diyan. I’ve been mayor for 23 years ng Davao. Kailanman…

Sabagay, istrikto talaga ako. Ang template ko kasi Davao. Go to Davao. Maglakad ka ng gabi.Sige daw. O magbili ka kung may manloko ba sa’yo.

Davao, magsakay ka ng taxi.Kailangan talaga isauli ‘yung sinsilyo.Hindi mo tanggapin, ihabol ‘yan. Kasi kung may magsumbong, ‘yang sinsilyo mo kainin mo. Sigurado noon. Mayor man lang.

Ngayon, medyo Presidente na. Kakainin mo talaga. O kita mo ang… Okay man ang Davao. Gusto ko ganun sana sa lahat. ‘Pag may sinabi ‘yung gobyerno to protect public health and to protect public interest, kailangan sundin natin ‘yan kay it…

You know, if we fail, it means more money for lung cancers and for respiratory diseases. Mga anak natin maging bobo ‘yan. Standstill ang traffic, it does not move and all the time people of the Philippines are inhaling the fumes.

Kung maintindihan ninyo ‘yan, nakikinig kayo ngayon, PISTON, intindihin ninyong mabuti.Hindi kayo papayag.

Alam mo, ‘pag ako ang Presidente, may naiwan four years, either patayin ninyo ako o sumunod kayo.

Hindi ako uupo dito, magsalita ng Presidente kung hindi masusunod ang batas. P****** i**, magpapatayan talaga tayo. [laughter and applause]

Hindi ako papayag na magmura? Eh lahat naman ng tao nagmumura eh.

Pero hindi ako papayag, totoo lang. January 1, ‘pag hindi niyo na-modernize ‘yan, umalis kayo. Mahirap kayo? P***** i**, sige.[laughter]

Magtiiis kayo sa hirap at gutom, wala akong pakialam. It’s the majority of the Filipino people. Huwag ninyong ipasubo ang tao.

‘Pag may sinabi ang gobyerno, ‘yan, iyan ‘yan.

Kaya sabihin niyo, “diktador,” ay l****. Sino bang gustong mag-diktador? Eh opposition… Magnakaw daw ako.P****** i**.

Sabi ko nga sa military, silipin ninyo at kung may nakita niyo sumobrang 40 million lahat, kasali na mga minana ko and the years of saving, ‘yung sweldo ko.

Kayong mga taga-Land Bank, silipa ninyo.Tutal computer man ‘yan. Makikita ninyo puro ko sweldo ‘yan.

Bakit ako libre? O nakikitira lang ako sa nanay ko na may pera. Libre kain, board and lodging.

Wala pang panahon na magpatayo ng... Eh hindi naman ako mahilig na… Ayan si Sal, nakita niya na ang bahay ko. Bakit ako mag… Ever since nagkilala kami, that’s been my house for the last 30 years. Wala akong ano diyan.Huwag kayong maniwala diyan.

Sabi ko ang AMLC, sige buksan mo. Nagbigay na ako ng waiver. Ilang beses ba ako nagbigay ng waiver? Ibinigay ko kay Sal. Sabi ko… “Huwag.”Ayaw niya.“Huwag mong gawain niya.” Sabi ko, “Sal, buksan ko para cuentas claras.”

Ayaw ko ‘yang magduda kayo na... At saka kadali ko lang naman. Sa totoo lang, mag-iisang taon. Wala akong pinipirmahan diyan. Sweldo lang. Wala akong allowances na tinatanggap. Ayaw ko. Sweldo lang.

Buti’t na lang ngayon kay kung 47,000 ‘yang y*** na ‘yan, matagal na akong umalis. Paano ko suportahan ang pamilya ko, dalawa. O ‘di tamang-tama talaga ‘yang 100,000, tag-singkwenta sila. [laughter]

Eh papaano na… Ganun man talaga ang buhay. Sino ba ang gusto na maghiwalay? Kaya lang… Pero sabi ko, doon sa airport, sabi ko na… Pumunta --- pumunta… Andito ba si Je? Si Atty. Paras, si Jerome. Taga-Ilonggo na.

Kita mo sa Ilonggo… si Atty. Paras o. Ganun magsalita ‘yang mga… Ang Mindanao is a melting pot kaya kami ma --- hindi naman articulate but we can communicate sa lahat --- Ilocano, Bicolano. Kaya… Kasi lalo na sa dormitoryo, ‘yun ang ano… Pero ako… ‘yung ako, simple lang ako.

Now, itong federalism is… Ito magprangka ako ha. ‘Pag hindi ito natuloy or any change that would modify the present structure, which is really an unfair set-up, it will lead into a trouble again sa Mindanao.

Itong I --- itong Maute, exception ‘to. It’s not a territorial thing, it never has been. As a matter of fact, ‘yung kanilang shabu industry, which was the biggest in Mindanao, fueled the rebellion now, ‘yung siege.

And nakita mo naman ang ordnance nila, ang explosives and the bullets and the arms, short and long, could sustain a fight against the Armed Forces and the Police for almost four months halos.

Sa Mindanao, marami ‘yan. Mabuti’t na lang may nagpaiwan na main line talaga --- MILF pati si Nur Misuari. Nur has not been talking too much but I suppose that he will one day --- not capitulate but he will be ready to talk about peace.

Kasi itong unitary type of government vis-à-vis federal type, this is the setup of the Spaniards. Tayo na lang ang nagpaiwan sa Asia from Indonesia to Malaysia to Australia to Singapore, to Japan, Korea, tayo na lang ang unitary type. We can have a president under a federal setup.

And as a matter of fact, I would advise a strong President while we are still in the formative stage ng federalism.

Hindi na tayo mag-discuss kung anong ilagay natin because there are so many models to copy.

One is France then you have a pure parliament of England, and the --- itong sa Indonesia pati sa Singapore, where everybody participates and then the smallest minority will have a voice in a parliament.

Kung saan na lang tayo, it will be easy if we agree na mag-federal tayo. Kapag hindi, talagang sasabog ‘to because then, I would predict that the MI, MN would now join with everybody in --- and there are aplenty ang armas.

Mas mahirap tala tayo mag-survive as a nation, a republic intact. Hindi ko kayo tinatakot. Tinatakot.

Sinasabi ko ‘yan noon pa sa kampanya because I know that it would create a fissure and eventually, maybe a breakage.

Ang mahirap niyan, kung papasok na naman ‘yang mga UN tapos makialam. Then when they recognize a belligerent state now, then you have to treat it as an independent entity.

‘Yan ang delikado diyan. Once makialam itong mga United Nations, ganun, then we would be reduced from the Yugoslavia before. Then you have Serbia, you have mga so many city states, the Balkan states, watak-watak na sila, kanya-kanyang state na lang and I hope it would not be during my time.

Pero kung sigurado ba? Sigurado, darating ‘yan.And ang problema, ang mga anak natin.

Kagaya ng droga. Droga is the problem worldwide. Ngayon, ang Amerikano, sumakit na ang ulo dahil mahal na kasi ang --- it’s a poppy. It’s actually an organic plant.

So from Colombia, it travels a long road to the borders of the United States and South America.

Ngayon, sila, sabi ko, hindi lang nila na-ano ‘yan but one of these days, they would --- to their sorrow na ganun ang… but because of the incessant ano, sabi ko, let’s give it to PDEA.

Ngayon, if you ask me now, will it succeed? I know that the workers of PDEA are good. Inilagay ko diyan si Aaron Aquino. I think he’s somewhere from the north or taga-rito ‘yan?

Marami akong mga empleyado na Bicolano. Wala naman akong pili. Kung sino lang ‘yung kaibigan at marunong but itong PDEA is really undermanned and because I do not want to muddle further…

Ang what is surprising is today’s results. And kung… If we compare it with the SW, ang Pulse Asia came today, came up today with something like this, “88 percent support the drug war.” Ayan sa newspaper ngayon. And 73 percent say na may extrajudicial killings diyan, 73 percent naniniwala and yet, 73 percent sa 88 na pabor sa drug war. Kita mo?

You know, the voice of the people is the voice of God. Kaya lang naman ako nanalo at alam man ni --- kasi hindi man kayo nakinig ng Bisaya. Eh ‘pag kampanya ko dito, nakatingin man ang iba sa langit, paganun-ganun, wala man nakinig sa akin.

Sinabi ko, ‘pag ako ang ma-Presidente, bullets lang, even during the presidential debates, I was the one just bullets lang ako kasi walang panahon eh.

I said I will stop corruption. I’m doing my best. May dalawa pa akong paalisin o napaalis na. ‘Yung sa Pasig River na --- for sitting on the papers for almost one year.

Ang Cabinet member, sila, I’m giving them only one month. ‘Yung NEDA, about two, three… Alam ni Congressman ‘yan. Two, three years.One month lahat ‘yan sila. Ang director is 15 days. Any director for that matter.

Ngayon, kung hindi mo masunod ‘yan, out. I have fired almost 190. Ayaw ko lang ibulgar. Sinabi ko, “Mag-resign ka na lang.” Alam mo bakit? Kasi kung titingnan ko, ‘yung mga anak nila, abogado na, doctor na, I do not want to embarrass you publicly. Go. Wala akong sabihin. Basta mag-resign ka lang.

Pero marami na… Sabi ko, itong corruption, it has to stop. Itong droga, well, maraming nakikialam pati ‘yang mga… Ngayon ang EU, sabi nila hindi daw sila. Mga representative lang daw ng EU so e… Gusto kong i-mispronounce itong E… E… EU… [laughter] na-b***** ako. [laughter] I really want to mispronounce it, make a little bit --- a deep… Ayan.

Pero ako, sa panahon ko, kung ano ‘yung maka… Kayong mga left, wala akong pakialam sa agenda ninyo. If you want to fight, sa mountains, malakas dito ang NPA. Then so be it. Wala tayong magawa.

Tutal dumating na ‘yung armas na ibinigay ng Russia, ‘yung AK-47. Libre ha. China, dalawang beses na naglipad dito para sa… And ‘yung sniper nila was of great help. ‘Yung mahaba nila na sniper.‘Yun ang nakakuha kay ano --- ‘yung dalawa ng madaling araw.

‘Yun ang nakakuha, it’s about a distance of about one kilometer. Isang kilometro ‘yun eh. Eh walang hangin pagka umaga. ‘Yun ang nagamit natin. Malaking tulong ‘yung ibinigay ng… It could be about five loads of…

So wala akong problema.Gusto ninyo ng away, eh ‘di sige.Mag-giyera tayo.

‘Yan ang mahirap kasi ‘yung… Kasi ‘yang modernization, panahon pa ni Ramos, panahon ni Erap, panahon ni Arroyo, panahon ni Aquino, ’di talaga lumusot.

Bakit?Nag-i-i-strike. Panahon ko? Sabay tayong mag-strike.T*** i**, tingnan natin. [applause]

Sabi mag-strike ng isang buwan? Okay. Sabi ko sa mga kumpanya, bayaran na lang ninyo isang buwan, magtiis kayo. Kayong mga walang bigas, pumunta kayo pinakamalapit na DSWD, may bigas pati ulam. Sige, tingnan natin.

And, aside from that, aarestuhin ko talaga kayo. Believe me. Maniwala kayo. Mag --- mag-abang-abang kayo diyan sa daan ninyo, padaanin niyo, ‘yan lang ang hinintay kong magkamali kayo. ‘Yan ang pagkakamali na gusto ko. You give me now the reason to enforce the law against all. Walang pili.Against the rich and the poor.

Ako?Presidente. Makuha ko kaya ang Mile Long sa mga Prieto, sa Rufino? Ilang presidente?Walang contract-contract. Ang 50 years tapos na, another gusto nila 50 years. Ayaw isauli, sila kumokolekta doon sa mga rentals. Sabi ko, “Isauli ninyo ‘yan, ibalik ninyo ‘yung rentals, pati ‘yung mismong lupa, ang bayad noon.”

Isauli. Walang Inquirer-Inquirer sa akin. ABS-CBN, ‘yan.Sige nga? Sabi ko, kung may tinatago ako, maski singko sentimos, magsabi ko --- kaya ako na, “Oy, Gabby Lopez, mukha kang pera, t*** i** mo.” Maghanap kayo ng ano? ‘Di maghanap kayo.

‘Yan… Kalkalin niyo lahat ng ano --- may ninakaw man kaya ako sa bayan? Kaya --- Lucio Tan, six billion, noon pa ‘yan. Walang kolekta-kolekta.Walang bayad-bayad. Kasi matakot na mag-enforce ang ano diyan, mayor o --- kasi ‘pag ginalaw mo, gastusan ka raw ng destabilization.

Ako, ‘di mas mabuti mag-contribute siya doon. Kasi kung may maniwala pa na sundalo sa akin, sila --- siya ang unahin ko. Either magbayad ka or tulo --- tuluin kit --- tuliin kita uli. [laughter] Bayad.

O alam mo, two days before the election, Lucio Tan was in Davao City. He tried to have an audience with me to give me the money. Hindi ko tinanggap kasi alam ko balang araw, hihiritan kita. And all others. [applause]

Kaya wala akong pera. Dito ako nawalaan ng break. Wala akong pera pang magandang jet. Kaya ‘yung jet ko, 1984 model. Pag-landing namin dito sa Naga, nawala ang break, patuloy-tuloy doon sa dulo talaga. Mabuti’t na lang huminto.

Anak ng… [laughter]

Eh wala naman talaga akong pera. So, nagkaroon ako ng pera, last minute, pumunta ako sa ABS-CBN, sabi ko, “Pakitugtog lang naman ito.” Kita mo noon sa Presidential debates, every intermission, nilalabas nila ‘yang mga ano nila. Ako wala.

Tapos sige sila nung ano, para kilala lahat. Eh wala naman akong kilala. Kaya sabi ko, “Sige, kayong hindi nababayan, kayo lahat dito sa akin.” Mas marami man ‘yung hindi nila kilala.

Oo totoo.Hindi ako tumatanggap.Kaya ako --- kaya ako pwedeng magmura.Wala akong itinatago. Ka --- kaya kitang murahin. Wala kang pangganti sa akin. Ang pangganti mo lang ano? ‘Yang nagmumura ako?Hesus maryosep. Eh si San Pedro na ‘yan, hindi ninyo ma-criticize-criticize, katagal na sige mama diyan sa gate ng heaven, [inaudible]. Nandoon ‘yung manok niya. T*** i**, wala talaga…

May pari dito? O tanong ko sa’yo, bakit hindi mo masita-sita ‘yang p***** i**** San Pedro na ‘yan? [laughter] ‘Yan po ang security guard ng… Tapos sa akin dito…

Pero sabi ko, “Bong, magtagal tayo, anong oras ba tayo pwede mag-take --- take off na ba ta?”

Naka-uniporme itong aide ko, galing kaming Marawi nga eh. Ako, wala na it okay wala man akong itong parang… You know, there is safety in numbers, tawag nga. Kasi kung magsuot ka ng bright na red doon, tapos ang sniper mo ganoon, “So, ‘yan na --- ‘yan nakapula, ‘yan nakapula o.” Pero kung pareho kayo, ito ang pinakamalapit, puro kahoy eh. Kaya ito na lang ang akin.

Pero binigyan ako ng boots ng army, puro oversized. Hanggang dito lang paa ko eh. [laughter] Umuusong [laughter and applause]

Buhay nga naman.So ‘yun po. It’s not really a question of what model. Every model is working. And I supposed nobody --- walang nagbagsakan dito because of the adoption of the federal system.

Federal system fundamentally is you have to --- you retain most of the powers, especially taxation. At saka ‘yung mga minerals na nandiyan sa inyo, and the --- the wonders of God, ‘yang mga [inaudible] ninyo, ayan ‘yung ano, you have a --- elbow room na i-legislate ninyo locally magkano bayaran ninyo, how to develop it, because itong system na ito…

Ako, I am fighting almost sa like itong… Grabe talaga ang hina not only the delay --- not only, rather, the corruption, but the delay. People in government really tend to… Basta ‘yang papel na ‘yan, hindi maglabas ‘yan sa oras, ang ibig sabihin, itong p***** i**** kaharap mo na ‘yan, naghihingi ng pera ‘yan.

Kaya ako galit, ma-late ka, you’re fired. Eh ang kasama ko noong 1988 sa kampanya, naghirap, inilagay ko sa pwesto kasi kaibigan ko… Well, I thought that he was really fundamentally honest, kasi ‘yung panahon na mayor ako, honest man. Nung nakita ko, binabantayan ko kasi ‘yang mga departamento na bilyon ang --- bilyon ang --- 50 billion ang ano niya sa…

Kaya binabantayan. Ayan magbili ka ng truck, 18 million… Pagkasira --- ‘pag nasira ‘yan, spare parts, guyurin pa ng kalabaw ‘yang tangke ng truck ng bumbero para magdating doon sa… Maraming ano sa gobyerno ‘yung talagang problema. Kaya ako, I am confessing to you, talagang maraming problema.

Maski, maalaala ko lang si --- ‘yung dumadaan, dumaan diyan na --- anong ginawa nila sa bahay nila? Magkamot ka sa ulo, pwede. Ano, baka sabihin mo, just signing state papers.

Magtapos kami ng Cabinet diyan, nauna si Sal matulog eh, diyan sa Cabinet. Magtanong ‘yan siya, kunwari nag-iisip. “Sal, Secretary Panelo.” Deep ano --- meditation.Hindi ito maistorbo. “Hoy, Secretary Panelo!” “Yes, Mayor!”

Minsan mag-abot kami ng ala-una, alas-dos, alas-tres, tapos pag-uwi na --- totoo ‘yan --- pipirma pa ako. Matapos ako niyan, alas-sais. Hindi, hindi ako nagrereklamo. Kaya lang, ang mabuti, dinagdagan ‘yung sweldo.

Kaawa naman ang gumawa nito. Basahin ko na lang maski ‘yung last pages na lang. [laughter]

I encourage all of the Bicolano local leaders to begin discussions on Federalism in your communities, even as you strengthen the efforts against illegal drugs, crime, and corruption. Together with Congress, we have suspended the barangay and Sangguniang Kabataan elections in order to prevent illegal drugs and criminal syndicates from influencing our local elections.

It is my hope that you will do everything to prevent these menaces from contaminating and taking root in your areas. It is our vision to create a system of government that will give lasting peace, progress, and prosperity for all of our peoples.

So let us now begin the process of transformation that will usher in a better Philippines for our selves and the future generations.

Alam mo kung bakit…

[Uwi na tayo?] [laughter]

Ganito ‘yan, ganito ‘yan Gov eh. Binigyan ko sila briefings, selected. Sabi ko, “Ito ang sitwasyon, 40 percent of the barangays all over the country are contaminated with drugs.” Dito sa Bicol, malakas talaga ang droga. And yet you have to…

[Paki-ano mo nga Bong, bakit itong --- ‘yung, ‘yung malaking ano dito factory ng shabu, until now it’s a very --- it’s proceeding with its snail pace. Hanggang mawala na lang. Paki-remind me, Bong.]

Kita mo ‘yun? So sabi ko sa kanila, 40 percent of the barangays are contaminated. There are about 9,000 policemen involved sa drugs all over the Philippines. ‘Yang 40 percent na ‘yan could either mean that the mayor is the one protecting, tawag. Alam mo, pagka tumawag ‘yang mayor, “Chief, tao ko ‘yan eh” or, “Kasi bata ni mayor ‘yan.” Ganun ‘yan. “O, buddy-buddy ni mayor, kainuman niya ‘yan.”

So, hayaan lang or sila mismo nandiyan. Kagaya nung si Lopez ng Maasin, si Parojinog, si Albuera, si Odicta. They were lording it over and the Mindanao factories. Kung ayaw ninyong maniwala sa akin, okay lang. Basta sinabi ko, dumaan ako dito sa planetang ito and tried my very best.

Huwag na ‘yang mag-succeed ako. And I passed here in this lifetime to work for my fellowmen. If I’m believed, good. If you don’t believe me, fine. At least nag-warning ako. ‘Yan ang sinabi ko sa mga senador pati congressman. Ayaw ninyong maniwala, okay lang sa akin.

Tutal, ano ba naman ‘yang four years? Sabihin ko hindi ko talaga kaya. And I won’t go about blaming anybody. Hindi kaya because of its enormity.Hindi talaga kaya. Sabi ko, mag-eleksyon kayo, ang mananalo nito --- and even ‘yung mga malalaki… Kaya silang Parojinog, there was no election there. ‘Pag magtakbo ka, patayin ka.So with Albuera. Pagka pulis ka, ayaw mo, you disobey the mayor…

Kaya talagang niyari ko sila because he was killing about --- or he killed six policemen. Hanggang ngayon, ‘yung team leader… Look what happened, nung naghukay sila, dalawang pulis nandoon. Kita mo itong mga mayors na ‘to.

Tapos, nakita mo ‘yung sa TV, ‘yung bahay ng --- ni Ardot, na ang wallpaper ng bahay niya, 500 pesos. ‘Yun ang wallpaper, parang pintura ng bahay niya. Tignan mo ang --- how, how high was the vanity of the idiot.

‘Yan, ‘yan lang ang sina-sample ko. Ayaw ninyong maniwala? So they postponed the election. But, but that’s really enough. Lalo na ngayon na inalis ko na ang Armed Forces, inalis ko na ang pulis, ‘wag kayong makialam para --- para nagsabit ka ‘di ko kayo susuportahan.

Eh ngayo PDEA, ‘pag nagkaslide ito sabihin ko, we go to the United Nations or ‘yung Human Rights will ask them to solve the problem for us. Or if it really --- tagilid na plus itong, itong destabilization --- hindi, hindi ko sabihin na mag-revolutinary ako, may baril rin ako. Eh may probinsya ako, punta lang ako doon ‘di mo na ako magalaw. Ang inaalala ko ‘pag mag-alis ako

dito hindi as President, magta… Sabihin ko, “Sige inyo ‘yan. Hindi ako makialam. The problem is, we will pass it on to the next generation.”

Ang sabi ko --- I’m going now, bugok talaga itong mga Human Rights, pati ‘yang UN, lahat ng mga ‘yan, pati Amerikano. You know, I’m the President, noong mayor ako, ganoon din.

Maganda na ang siyudad ko --- do not destroy my city because I will kill you. Do not destroy the young of our generation because I will kill you. When I became President, do not destroy my country, talagang papatayin kita. Ano bang gusto mong gawain ko? Pulbusan kita ng talcum powder?

‘Pag sinira mo ang mga anak namin, papatayin talaga kita. What’s wrong with that statement? Find me something there which would even sound ridiculous? Bakit milyonaryo ba kayo dito lahat? Sino? Ilang milyonaryo dito sa Bicol? Naga?

You think pagretire ninyo sa gobyerno --- kayong mga judges, lahat, konsehal --- pagretire ninyo, ang pension ninyo --- you retire about 65? 60? Pulis, 56.‘Yung retirement ninyo kakasya ‘yan? Pagdating mo ng singkwenta, papasok na ‘yang diabetes, hypertension, lahat na, kidney --- sa sundalo kidney dahil sa tubig pati ‘yung asin sige, walang ulam eh, lagyan lang ng asin, kain. ‘Yan.Kaya diabetic pati kidney ‘yan.Sa, sa, sa…

‘Yung retirement ninyo how much? 30,000? 50,000? Could it sustain the medications that you will have to buy, eh kung mabuhay ko for the next 15, 20 years. Then, punta ka doon sa mga anak mo, ang anak mo may mga anak rin pinapaaral. ‘Di naman kayo mayaman, nagtatrabaho. Tapos minsan magsangla pa ng mga lupa nila dahil igamot mo and who will feed you with a lugaw kung aaaga-aga ka na --- may mastroke ka, sino? You are left there in one corner, bedridden. You think that they can buy the medicines for you forever? Or given the period --- ilagay mo na lang 10 years ipasa mo pa sa anak mo --- tandaan ninyo yan. Tandaan ninyo ‘yan.

Ang OFW may nereremit ‘yang pera dito --- ‘yung ganoon lang, kung sino ang may mga pera ditong mga bata? Alam nilang isa diyan ‘yung grupo ng OFW kasi may remittances galing sa nanay at tatay because they have to educate them. ‘Yung iba doon, pumupunta ng ibang bayan ang tatay…

You know ‘pag ang isang nanay mawala sa pamilya, this family becomes dysfunctional. ‘Pag ang tatay nawala sa pamilya, that family is dysfunctional. ‘Pagka nawala ang tatay nagtrabaho sa labas, ang nanay sa ibang bayan, iniwan ang mga anak sa mga lolo, mga tiyahin, mga kapatid ng nanay, kapatid ng tatay, these children has shattered families… Pera na --- abusuhin pa ‘yan doon. Ilang beses na may bago lang ‘to tumalon na naman because they are being sexually abused.

I am not --- but totoo ‘yan sabi sa akin ng Arab noong pumunta kasi may taga-Davao nakulong eh pumunta ako doon, kasama ko ‘yung mga Muslim na sabi ko, “Punta tayo doon kausapin natin si King Fahd.” Si Salapudin and the rest of --- diyan galing. Puro kami mga taga-Mindanao na pumunta doon. Pumayag naman.‘Yung chief minister, ang sabi niya kausapin mo ‘yung counterpart mo. Arab.Hindi lahat. Riyadh hindi masyado. Pero pumunta ka doon at na-assign ka

ng malayo gaya dito ng sa medyo sa probinsya na, rape becomes… Ang family, ang bayaw, ang anak, son-in-law, mga kaibigan --- kita mo lahat. Have you come across a case na --- nakakatulog ako ng eight hours. It's always three, two hours, at kinakain basura pa. Tapos doon, tumutuwad na lang sila gabi-gabi para lang makapagtrabaho padala dito sa Pilipino, saluhin nitong mga ito.

Ang problema nitong Human Rights pati itong mga union, ang binilang ninyo ang patay na kriminal, hindi ninyo binilang at kinuwantify (quantify) and multiply the years na ang Pilipino hanggang sa panahon ko nagtiis ng kabastusan ng droga.

Tandaan ninyo ito, meron akong rehab, pinakauna akong nagrehab sa Mindanao. Ewan ko. Ten ha, 10 'yang mag-graduate, 'yang eight, nine, magslide 'yan. Walang nagkukuha dito ng droga na straight bumalik sa normal. Tandaan ninyo 'yan. Galing na 'yan sa bunganga ko 'yan ng President ninyo. Tandaan ninyo 'yan.

Ang mga g***, hindi nila alam mga kriminal ang binibilang EJK. Palagay na nating totoo, nakita man ninyong milyon --- umabot ng 1 milyon three --- hundreds of thousands everyday naglilinya sa television, nagsusurender. 'Yun may mga tama na 'yun, may mga sakit na. Sino ang babayad sa buhay nila? They have lost their sanity and they are just there sitting the whole day, doing nothing, sira na. Kung ikaw tatay ka, galing ka na magtrabaho doon sa abroad papadala ka nang padala eh alam nila may pera eh.

Alam mo, may I address myself to the people of the Philippines, sabi ninyo bakit si Duterte lahat ang namatay mahirap? Hindi ko lang kayo gustong insultuhin --- alam ba ninyo at ilang beses ko nang sinabi ang market ng shabu ang mahirap. Walang mayaman dito --- ang mga anak nila kung sino-sinong mayaman diyan --- eh ang shabu nag two hundred so one month, six, how much is that in one year? Multiply it by three million and you get a figure of 216 billion industry. Saan nila kinukuha 'yang pera?Sa mahirap. Ang mga mayayaman, cocaine. Nandoon sa mga yate nila 'yan, doon sa mga Boracay, mga island nila. Wala tayong kapasidad na sundan diyan sila diyan sa eroplano nila. Ngayon bakit mahirap? Kasi ang market ng shabu ang people of the Philippines na mahirap.

Hindi ba ninyo naintindihan 'yan? Kaya sabi ang droga, it's always a product of conspiracy. May tigaluto, kilala niya 'yung mga lieutenants niya, 'yung kabo niya, kung saan niya ibigay at saka 'yung peddlers, 'yung basura. Hintayin niyo 'yang kaso ni Kian, lalabas ang totoo diyan.

Huwag kayong masyadong ano --- ayaw ko lang magdepensa ng pulis diyan but remember lahat ng pulis pati sundalo masabit diyan sa campaign ng droga pero wala naman ngayon. Pero 'yung nasabit lahat, hindi ako papayag na makukulong 'yan. I will not --- itong mga pulis sa trabaho ikulong mo?

'Di ako papayag. Kaya noon walang… Bakit noon walang patayan? Eh p** walang nagtatrabaho, takot sa droga o pera sa droga.

Makalaban mo ang mayor, Parojinog, kita mo ‘yung pulis niya inilibing niya diyan sa… Pagka may piggery, malaking piggery, wala namang ibinabayad, wala namang baboy na inilalabas, pampatay ng amoy, magtingin kayo doon sa malayo, may shabu ‘yan.

Ang gawin ko sa inyo, padalhan, sumulat ka --- dalhan kita --- ibigay ko na lang itong ano --- galing naman akong Marawi, meron ako dito. Ibigay ko na lang ito sa iyo. Maganda ito, mahal ito.Kaya kailangan ulo talaga. Why? Because you have to protect. ‘Pag naglayo na kami, it’s high time na inyong trabaho na ‘yan. After all you can arrest anybody, citizen’s arrest.

Nagbebenta ka ng droga, bawal ‘yan. Uubusin mo kami dito, mga anak namin. Either sumama ka sa akin peacefully. Alam mo kasi ‘yang… Sabi ng may bukol because lumalaban lalo na ang mga bata. ‘Pag ganun mo, gaganun ‘yan.Ganunin mo, magkabukol punta kaagad --- totoo ‘yan.Marami dito.Alam ng mga opisyal diyan. ‘Pag nagkabukol punta kaagad sa doctor, examine.

Sabihin ng Human Rights, “O nabugbog.” ‘Yang lasing, sige daw --- because the law requires you to take you under the custody of the law and to bring you to the judge who issued the warrant or doon sa istasyon para imbestigahan ka.

The law requires you to take into custody --- eh kung there is a resistance, the law says you must overcome the resistance para dalhin doon --- ‘yang ang naintindihan ng pulis.

Ngayon kung magkabukol-bukol ka, ayaw mong sumama, ayaw mong sumurrender sa Human Rights o kalaban mo ayun yari ka. Kaya ang pulis, ayaw mag-aresto noon, alam mo bakit? ‘Pag magfile ka ng kaso sa pulis ‘yan ‘yang mga ‘yan --- ‘pag lumabas ang suspension pending the hearing wala nang madala ‘yan sa bahay na pagkain. Wala na ‘yang sweldo. Ang anak niya, wala ng baon. Kaya ganoon ang nangyari sa Pilipinas.

Bakit alam ko? Mayor ako for 23 years. Ngayon kung maniwala kayo doon sa mga taga-America, mga taga-human rights diyan sa --- walang experience, wala lahat, ah disgrasya.

Kaya sabi ko, “Sige, PDEA. PDEA gusto niyo? O sige.” Pero kayong mga pulis, ‘wag kayong mag-alala. Trabaho lang kayo. ‘Wag mo akong lokohin, ‘pag sinabi kong sabihin mo sa akin ang totoong nangyari, sabihin mo sa akin para alam ko magdiskarte.

Kasi bago ako naging mayor, prosecutor ako. Ito ang pulis ng Pilipinas, so may witness ako pulis, sabi ko, “You reported for office that day on March 14, 19?” “Yes, sir.”“As what?” “I was assigned there for the day, sir. That was my assignment.” “What is the area of… How big it is?”

“Sir, ‘yang the whole of Sta. Ana, sir. Eh there was this killing.” “You have an affidavit? Did you execute an affidavit, swore to it? It’s true?” “Yes, sir.” “So, where’s your affidavit?”

Sabi niya, “Nandoon man siguro, sir, sa records ng court.Wala ako, sir, eh.” “Okay.” Tinignan ko ‘yung ano, “Is this your affidavit? There’s a signature there, Villahermoso. Are you the one? Is this your signature?” “Yes, sir.” “All of these statements here are correct and accurate? True?” “Yes, sir.”

“I’d like you to repeat number five, basahin mo.” Sabi niya, “Sir, sandali, sir.Pwede akong magbulong, sir?” Sabi niya, ginanun niya ‘yung affidavit doon sa judge, “Sir, anong sabihin ko? ‘Yung totoo o ‘yung affidavit?” Patay na tayo. [laughter]

Ngayon, mag-ano ng… Pero ‘yung pulis na nagta-trabaho, ‘wag kayong matakot, ako ang bahala sa inyo. Basta kung ano ‘yang mandatos mo, gawain mo ‘yan, walang lokohan, o tamad-tamaran kayo. Trabaho, sige.

‘Pag nasabit kayo, nabaril mo, napatay mo sabihin mo lang totoo. “Sir, palabas na lang natin, sir, na lumaban kasi actually, sir, karibal ko ‘yan sa babae, sir.” “Ah, ganun? Ito bata, may tali dito magbigti ka na kasi barilin kita diyan sa b****.” [laughter]

‘Di ko pabayaan ‘yang --- kasi tignan mo, nagtrabaho. Noon, eh sige kayo, “Hoy, pulis bakit sa…” Wala…, hindi nagta-trabaho, either takot o droga. Okay na lang sana ‘yung smuggling-smuggling, okay lang ‘yan sana sa akin. ‘Wag lang droga, ‘wag lang talaga droga.

Pero ngayon nagbitaw ako, hindi na ako nakialam, ah bahala na. Let the people later on decide. Tutal naipakita ko naman sa iyo ‘yung reduction of crime by 35 percent, okay?

So if you are --- hindi na tumaas ‘yan, naging 25 percent na lang ang --- 51 percent ang ano, 25 percent, ah bahala kayo. Diyan malaman na ninyo.

So ‘yang sinabing revolutionary, ‘pag tumagilid ‘yan, kasi umalis na ako diyan eh. So dagdagan ninyo ‘pag magulo ang Pilipinas, hindi na ako mag-martial law, martial law, wala ‘yan.

Revolutionary government kasi gusto ko tanggalin na ‘yan, wala nang ano, “Ikaw, ikaw, ikaw. Alis diyan.” “Ikaw, ikaw, ikaw. Alis.” “Ikaw, judge.Alis ka.” “Ikaw, Ombudsman, umalis ka na.” “Ikaw, Justice, umalis ka na.” Palitan ko na kayo ng taga-Bicol na magaganda. [applause]

‘Yung doon, ‘yung naga-sayaw doon, mga anak ninyo ‘yun? Magaganda. [laughter]
Kaya natagalan kami kasi eh itong security gusto sakay kaagad. Sabi ko, “Sandali lang, kita mong nanonood pa ako doon sa…”

Lumapit ako doon, nakipagkamay ako eh. Magaganda. Hindi eh, may anak man rin ako na maganda. Pero magaganda ang ano, magaganda ang lahi ninyo, Bicol.

Meron akong mga kasama dito, I don’t know if he’s still around, si Carlo Zarate, si Alfredo Bernabe, I think he was from Naga. Tapos si Carlo Flores, taga rito ‘yun.

Long time ago, nagpunta kami dito, estudyante pa kami. May babae dito, maganda dito, pero ayaw ko na anuhin baka may asawa na o wala na dito sa mundong ito. Naloko kami doon. She was a beautiful woman sa Naga. Bigyan ko kayo ng clue, Angie ang… [laughter] Angie ‘yung pangalan, first name niya.

So medyo talagang aalis na ako, I hope that… Ang federal kasi, if you are decided to shift then we can just say mamili kayo ng model, tutal nandiyan na eh. If you want a pure parliament, you can copy UK, but I would say that a strong parliament with a President…

Alam mo ang federal type is kakaunti lang ang power ng Presidente. Power to declare war, power to… Mga lima lang ‘yan, anim. The rest, baba na. ‘Yun ang nagpapabuti.

Pati ‘yung utilization and the use of the natural resources ninyo at ‘yung taxation, you retain the bulk. Kung may ano kayo, 100 percent, you get the 70, i-contribute ninyo ‘yung 30 for the upkeep of the national government, upkeep lang.

So you have a lean national government but more powerful --- ‘yan ang ano ng… Kung pumayag kayo niyan, then the next meeting we can now talk about it seriously. And if you decide, I’ll give you the options.

Mag-aaral ako ng comparative ano, this is the UK... Basahin lang ninyo, I’ll give it about a week before I come here and let’s talk about it. And if you decide so, mag-commit kayo --- ay akin, okay man lang na meron, okay ring hindi.

But tayo lang ang nagpaiwan na the practice of… That is the same imperial throne ‘yang --- kaya ayaw kong tawaging Malacañan ‘yan eh. I just say office. Hindi naman palasyo, puro kahoy lang ‘yan, marami pang lamok. T*** i** [laughter]

From the Spaniards to the Americans, it’s the vestiges of imperialism. Kaya wala akong gusto diyan.‘Yan at tapos dumating sa atin mismo.

Ang Mindanao, before Magellan landed in Leyte, 70 years before, Islam na ang Mindanao. Kaya talagang hindi matalo-talo ng Español, ng Amerikano. Alam mo bakit?May poste sila eh.Anong poste nila?Islam.Islam. May rallying point sila.

Visayas wala masyado, but Lapu-Lapu was actually a Muslim. Eh kita mo ‘yang, ‘yang ginawa niyang ganun? That’s a turban of the Tausug. If you listen very carefully, the Tausug and ‘yung Cebuano, pareho halos ang --- maintindihan mo kung anong gustong sabihin. Kasi ano na ‘yan eh --- spin-off na ‘yang years, millennium na ano, halo-halo.

Ang su --- ang Cebu, it’s not Cebu. It’s Sugbu. So ang tao doon is Sugbuanon, at ‘yan ang tawag ng mga natives ng Cebu. Marawi is Maranao. Same, Hiligaynon is Ilonggo. [Speaks in Ilonggo] strong opponent ka ng federalism? Jerome.

Magkasama kami sa --- ‘nung congressman ako, magsama kami sa… I was once upon a time a congressman. Pero nakakapagpasyalan lang ako ngayon kasi Presidente ako.

And I said wala akong ano… And if you look at the --- nandiyan man ‘yung appropriation sa chairman --- wala akong ano ‘yang dahil nanalo ako dito, wala ‘yang --- equal talaga ang distribution ng pie.

Wala… ‘Yang si Budget, sinabi --- Budget, si Diokno, ‘yang --- walang ano, lahat meron talaga. Wala ako niyang na, “Dito, talo tayo. Dito, panalo tayo na…” No special…

Tutal ‘yung mga train na ganun, kung matuloy ‘yan, maybe not during my time but meron --- mabalik ninyo ‘yung train, baka ibigay ng China ‘yung bullet train. O ‘yun.

Kasi ‘pag nawalaan ang break niyan, tuloy-tuloy na kayo sa Abra, hanggang Taiwan. Bullet train eh. [laughter]

Oo.Sakay ka dito, midway nawalaan ng break. Ah, ba-bye. Hindi mo na mahinto ‘yan. Tuloy-tuloy ng Abra ‘yan, hanggan Taiwan. Maybe I can find you there somewhere in the street of Taiwan.

Pero ‘yan ang --- matatapos ‘yan, nag-uumpisa na eh. Kaya sabi ko nga sa local, ‘pag maghingi ‘yan ng mga permit sa environment, ganun, do not delay it. If you have an objection, then write me a letter. Tell me why.

Pero ‘pag upuan ninyo ‘yan, I will investigate you and maybe suspend you for failing to act on time. That is neglect of duty. And ma-stymie ang progress ng Pilipinas.

‘Yan ang ipangako ko, talagang gagawain ko ‘yan. ‘Yung environmental clearance, kung ayaw ninyong ibigay sabihin mo kaagad, ano ang --- bakit? So maghanap tayo ng --- ma-reroute natin, which the delay, ma-minimize.

Tutal ‘yung mga ganun, it will only benefit you. Malayo kami doon sa Mindanao. ‘Yang Manila-Bicol run, if it is restored, that would greatly enhance the progress of the Bicol area. Wala pa akong pinipili na ano, basta ibigay ninyo ‘yan kung --- kasi dati na ‘yan.

‘Di na ‘ko magtagal po kasi the sun is about to set and I have to take off while there’s still light.

Maraming salamat po. [applause]

--- END ---